

PROTEKTAHAN ANG SARILI SA TSUNAMI

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～津波から身を守ろう～

- **Ano ang Tsunami?**

Ang TSUNAMI ay mula sa lindol na nagaganap sa ilalim ng karagatan. Nagdudulot ito ng pagtaas at paglubog ng ground sa ilalim ng karagatan, gayun din ang pagkaguho sa ilalim ng karagatan na nagiging sanhi naman sa pagbabago ng pagtaas at pagbaba ng tubig dagat sa paligid nito.

- **Pagdating ng Tsunami**

Ang lindol sa ilalim ng karagatan na pinagmumulan ng tsunami ay mabilis ang takbo kung ito ay nasa malalim na parte ng karagatan, subalit ang taas nito ay hindi gaanong malaki. Samantala, kung sa mababaw na lugar ng karagatan, ang takbo ng tsunami ay mabagal, pero ang taas nito ay lumalaki. Sa naganap na lindol sa Chili noong 1960, mula sa lugar na nilindol na may distansiyang 18,000km ay dumating ang tsunami sa baybay dagat ng Japan sa loob ng may isang araw kung saan maraming buhay rin ang nabiktima nito. Naaayon sa topography, ang mga lugar na malapit sa baybay dagat ay posibleng masalanta ng tsunami. Gayun din ang mga bukana ng ilog, kung walang halang ito tulad ng mga flood gate, posibleng mapasok ng alon ang ilog at ang daloy ng alon pabalik ay malamang na magdulot ng pinsala.

- **Impormasyon sa Tsunami**

Mula sa babala ng Meteorological Agency, matapos ang pagyanig ng lindol, kung may magaganap na tsunami, may tatlong minuto matapos ang pagyanig ng lindol ay magbibigay babala ang tsunami forecast district sa pamamagitan ng alarm at warning o anunsiyo sa pag-iingat sa tsunami. Mula sa bawat nasasakupang tsunami forecast district ay ipapalam sa babala ang inaasahang pagdating na oras at taas ng tsunami. Mayroon ding mga ipapahayag na impormasyon mula sa TV at radyo, gayun din sa mga pahayagan o website.

- **Protekta sa sarili laban sa Tsunami?**

Mahalagang maging laging handa bago dumating ang disaster. Maghanda ng tulad ng Tsunami Hazard Map at alamin at unawain kung nasasakupan ang inyong tahanan, pinagtatrabahuhan o paaralan sa delikadong area. Alamin din dapat ng bawat miyembro ng pamilya ang patutunguhang evacuation center at ang daan patungo doon. Gayun din ang mga dapat na kontak sa oras ng emergency.

※Tsunami Hazard Map—Ito ay mapa upang mapabilis na makapag-evacuate ang mga mamamayang nasasakupan ng area ng maaaring salantain ng tsunami. Mula sa mga simulation o pagi-experiment, ito ay madaling intindihing mapa kung saan nakasaad ang mga maaaring abutin ng baha, lugar ng evacuation at marami pang iba. Nakasaad rin dito ang mga kaalaman tulad ng kung paano tumakas bago abutan ng tsunami, pamamaraan sa pagi-evacuate at marami pang ibang impormasyon. Namamahagi ng Hazard map sa City Hall.